OFFICE OF ARTS & CULTURE
CITY OF SEATTLE

# Mga Patnubay sa Arts in Parks 2027

MAGBUBUKAS ANG APLIKASYON: Setyembre 15, 2026
**MAGSASARA ANG APLIKASYON: Oktubre 27, 2026, 5 PM Pacific**

## Pangkalahatang Impormasyon Tungkol sa Gawad

Ang Opisina ng mga Sining at Kultura (Office of Arts & Culture o OAC) at Mga Parke at Libangan ng Seattle (Seattle Parks & Recreation o SPR) ay nag-aanyaya sa mga indibidwal na artist, manggagawang malikhain, mga grupo sa komunidad, at mga organisasyon na magpanukala ng mga proyektong nakasentro sa mga aktibidad sa sining at kultura sa mga parkeng pinamamahalaan ng Lungsod ng Seattle sa pagitan ng Mayo at Oktubre 2027.

Para sa impormasyon at tulong sa pag-aaplay, mga pangangailangan sa pag-access, o feedback sa draft ng aplikasyon, makipag-ugnayan kay **Zach Frimmel, Grants Project Manager,** sa **206-963-9226** o Zach.Frimmel@seattle.gov.

**Mayroon kaming mga tagasalin na maaaring makipag-usap sa inyo sa inyong wika, kabilang ang American Sign Language (sa pamamagitan ng bidyo).** Tumawag lamang sa amin at sabihin sa amin kung anong wika ang inyong ginagamit. Asahan ang sandaling paghihintay habang naghahanap kami ng isang tagapagsalin na sasali sa tawag.

## Aplikasyon

Mag-aplay sa online sa pamamagitan ng website sa gawad ng Lungsod ng Seattle.

Kung wala kayong kompyuter o akseso sa internet, tawagan ang kawani sa lalong madaling panahon.

## Takdang Petsa

**Martes, Okt. 27, 2026, 5 PM Pacific**

## Pagiging kwalipikado

Kayo ay kwalipikadong mag-aplay para sa gawad na ito kung natutugunan ninyo ang mga sumusunod na pamantayan:

- Kayo ay isang indibidwal, organisasyon, o grupo sa komunidad na nagtatanghal ng mga aktibidad na nakasentro sa sining at kultura sa Seattle nang hindi bababa sa isang beses sa isang taon.

- Mayroon kayong tirahan o address ng negosyo o permanenteng studio/workspace sa inyong pangalan, sa loob ng King County (o hindi nakapaloob na King County), kung saan kayo nakatatanggap ng sulat. Hindi ito maaaring maging P. O. Box. Magagamit ninyo ang tool sa paghahanap na ito upang malaman kung karapat-dapat ang iyong address.
- Mayroon kayong numero ng Federal Tax ID (Social Security Number, ITIN, o Employee Identification Number).

Hindi kayo karapat-dapat para sa gawad na ito kung:

- Mayroon kayong bukas na kontrata sa Arts in Parks pagkatapos ng Dis. 31, 2026.
- Tumatanggap kayo ng pagpopondo mula sa Lungsod ng Seattle para sa parehong proyekto/mga gastusin. Kasama rito ang iba pang mga grant mula sa OAC o SPR.
- Natanggap at tinanggap ninyo ang grant na Get Moving, o Recreation For All, o Hope For Youth noong 2027 mula sa SPR.

## Pagpopondo

Maaari kayong mag-aplay para sa **$2,000-$8,000.**

## Mga Sesyon ng Impormasyon

Alamin pa ang tungkol sa gawad na ito at kung papano isumite and inyong pinaka-maayos na aplikasyon. Hinihikayat namin ang mga unang beses na nag-aapply na dumalo.

### Sesyon 1 - Birtwal

Lunes, Sept. 21, 4-5:30 PM Pacific
Birtwal: Microsoft Teams
RSVP para sa Sept. 21

### Sesyon 2 - Sa personal

Huwebes, Okt. 8, 6-7:30 PM Pacific
Sa personal: Garfield Community Center
RSVP para sa Okt. 8

### Pagsusuri sa Draft ng Aplikasyon

Maaari kang magsumite ng isang kahilingan para sa feedback sa isang seksyon ng iyong aplikasyon bago magsumite. Isumite ang inyong mga kahilingan sa pamamagitan ng email kay Zach.Frimmel@seattle.gov bago sumapit ang Martes, Okt. 6, 2026.